**Importanteng Paunawa**
(Siguraduhing ipamahagi sa magulang o tagapangalaga)

# TULONG PANGMATRIKULA PARA SA HIGH SCHOOL

Mula Hulyo 2020

## 1. Pangkalahatang ideya ng sistema

**[Balangkas ng Sistema]**

Ito ay isang sistema ng tulong pangmatrikulang suportado ng pamahalaan upang mabawasan ang pasanin sa gastos sa edukasyon ng bawat tahanan. Humigit-kumulang 80% ng mga mag-aaral sa buong bansa ang gumagamit nito.

**[Kwalipikasyon]**

Kwalipikado ang mga pamilyang may mag-aaral sa high school (kabilang na ang mga College of Technology, Upper Secondary Specialized Training School, atbp.) **na may address sa Japan**.

Ngunit, **ang mga napapaloob sa alinman sa mga sumusunod ay hindi kwalipikado.**

- Mga pamilyang kumikita ng 304,200 yen o higit pa ayon sa pormularyo ng pagkalkula sa ibaba (may tinatayang taunang kita na aabot ng 9.10 million yen pataas)

[Pormularyo ng Pagkalkula] Base tax (ng municipal inhabitants tax) × 6% - halaga ng adjustment deduction (ng municipal inhabitants tax)

- Mga mag-aaral na nakapagtapos o nakumpleto na ang high school, atbp. (hindi kabilang ang mga taong ang panahon ng pagsasanay ay mas mababa sa 3 taon)
- Mga mag-aaral na nasa high school nang higit sa 36 na buwan (hiwalay na kinakalkula ang para sa night o distance learning high school)

## 2. Sertipikasyon ng kwalipikasyon

**Kinakailangan ang aplikasyon** upang magamit ang sistemang ito. Namimigay ng mga gabay ang mga paaralan tuwing pasukan, kaya mangyaring tiyakin ang pagsumite ng mga dokumento para sa aplikasyon (kasama na ang mga dokumentong may kaugnayan sa My Number) sa paaralan.

Batay sa mga isinumiteng dokumento, pagpapasyahan ng prefecture na iyong tinitirahan ang iyong pagiging kwalipikado.

Ina-update ng Hulyo taon-taon ang mga impormasyon tungkol sa kita ng bawat tahanan, kaya kinukumpirma ulit ng prefecture ang iyong kwalipikasyon batay sa impormasyong ito. Sa panahong ito, hindi na kinakailangang magsumite ulit ng mga papeles na nauugnay sa My Number dahil gagamitin ng prefecture ang My Number na iyong isinumite noong panahon ng aplikasyon para sa gagawing pagkukumpirma.

*Ang My Number ay ginagamit lamang sa para sa kinakailangang saklaw na itinakda ng mga batas at regulasyon, at ginagamit rin para sa gawaing may kinalaman sa pagbibigay ng tulong pangmatrikula.
*Maaaring kailanganing magsumite ng dokumento sa pagkumpirma ng intensyon (kasama dito ang impormasyon ng tagapangalaga atbp., at kung mayroong pagpapalit ng taxable area).

## 3. Halaga ng matatanggap

Ang halagang matatanggap ay ang mga sumusunod:


(1) Mga mag-aaral sa mga pampublikong paaralan:
Katumbas ng matrikula ng pampublikong high school (118,800 yen/taon)
Nasa 0 yen ang matrikula ng mga pambansang pampublikong high school.

(2) Mga mag-aaral sa mga pribadong paaralan:
Tulad ng ipinakita sa figure sa kanan, nag-iiba ang halaga ng matatanggap depende sa iyong kita.

※Ang pamantayan sa kita ay ang halagang kinalkula gamit ang pormularyong nakasulat sa 1.

Halaga ng bayad sa ordinaryong high school

*Nagbabago ang halaga ng mababayaran para sa mga mag-aaral na naka-enroll sa night o distance learning high school.




Ang "Tantyang taunang kita" sa kanang figure ay isang pamantayan para sa isang pamilya ng apat (mga magulang, isang mag-aaral sa high school at isang mag-aaral sa junior high school, kung saan iisa lamang sa dalawang magulang ang nagtatrabaho). Tandaan na ang aktwal na target na taunang kita ay nag-iiba depende sa bilang ng miyembro ng pamilya, edad at bilang ng nagtatrabaho.

**Tingnan ang likod para sa tiyak na detalye ng mga gagawing proseso→**

## Kinakailangan para sa lahat ng tatanggap!

## 4. Aplikasyon

**Mamimigay ng mga gabay ang mga paaralan sa panahon ng pasukan,** kaya mag-aplay agad. Magsisimula ang tulong pangmatrikula sa buwan na ginawa ang aplikasyon, kaya siguraduhing hindi mahuhuli.
Para sa aplikasyon, kinakailangan ang mga sumunod na dokumento sa ibaba.

**[Kinakailangang Dokumento]**

①Form ng aplikasyon

②Mga dokumento na naglilinaw ng My Number ng magulang o tagapag-alaga/ guardian ng mag-aaral (Kopya ng My Number Card, kopya ng My Number Notification Card, kopya ng sertipiko ng paninirahang may nakasulat na My Number, atbp.)


*Iba pang mga dokumentong maaring hingiin ng bawat prepektura, kaya isumite ito ayon sa gabay na pinamigay ng paaralan.

(Paalala)

・May kaukulang parusa ang pagtanggap ng tulong pangmatrikula sa pamamagitan ng pagsusumite ng maling impormasyon.

・ Kinakailangang isumite ng lahat ng mga magulang ang ② (Hal.: Kung parehong mga magulang ang tagapag-alaga, kailangang isumite ang dokumento ng parehong magulang). Tingnan ang figure sa ibaba para sa mga detalye.

### Sino ang kailangang magsumite ng My Number




※Kung maituturing na mahirap ang pagsumite ng kopya ng My Number sa mga sumusunod na kadahilanan, maaaring mag-iba paraan ng iyong pagsumite mula sa itaas na figure. Kung nahihirapan magsumite o maaaring hindi umabot sa deadline ng aplikasyon, kumunsulta muna sa papasukang paaralan.

(Halimbawa ng mga kasong maituturing na mahirap magsumite ng My Number)


・ Kung mahirap ang pakikipag-ugnayan sa dahil sa karahasan sa tahanan, atbp.

・ Kung nakatira sa ibang bansa at hindi napapailalim sa Resident's Tax, atbp.

## 5. Paraan ng pagbabayad tulong pangmatrikula

Ang mga nangangasiwa ng paaralan ang siyang tatanggap ng tulong pangmatrikula (prefectures, school corporations, atbp.) at kakatawan sa mag-aaral upang gamitin ito sa bayarin ng matrikula. Hindi ito direktang natatanggap ng mga mag-aaral o ng magulang.

(Ang bayad sa matrikula para sa pambansang pampublikong high school ay 0 yen. Para naman sa mga pribadong high school, atbp., babayaran ng pamilya ang kakulangan sa pagitan ng matrikula at tulong pangmatrikula. Para sa mga detalye, mangyaring makipag-ugnay sa paaralan. )




## 6. High school supplemental scholarship fund, atbp.

Bukod sa tulong pangmatrikula, mangyaring suriin kung mayroong high school supplemental scholarship fund, atbp. (walang kinakailangang kabayaran) upang suportahan ang gastos sa edukasyon (mga bayarin sa libro, mga bayad sa materyal sa pagtuturo, atbp.) maliban sa mga bayarin sa matrikula para sa mga pamilyang may mababa ang kita, at partikular na tulong pinansyal mula sa prefecture.

※ Upang makatanggap ng high school supplemental scholarship fund para sa mga mag-aaral sa high school atbp., kinakailangan na mag-aplay sa prepektura kung saan nakatira ang guardian. Para sa impormasyon kung paano mag-aplay, mangyaring makipag-ugnay sa iyong paaralan o sa prepektura kung saan ka nakatira.
Para naman sa pakikipag-ugnayan ng bawat prepektura, mangyaring sumangguni sa "Pakikipag-ugnay sa Impormasyon para sa High School Supplemental Scholarship Fund" (URL sa ibaba) sa website ng Ministri ng Edukasyon, Kultura, Isports, Agham at Teknolohiya (Ministry of Education, Culture, Sports, Science at Technology).

http://www.mext.go.jp/a_menu/shotou/mushouka/detail/1353842.htm

Kagawaran ng Edukasyon, Kultura, Isports, Agham at Teknolohiya tulong pangmatrikula

検索

文部科学省 MINISTRY OF EDUCATION, CULTURE, SPORTS, SCIENCE AND TECHNOLOGY-JAPAN

Homepage ng Ministri ng Edukasyon, Kultura, Isports, Agham at Teknolohiya :
http://www.mext.go.jp/a_menu/shotou/mushouka/index.htm